



# PATNUBAY SA MISA

24 Setyembre 2017

Ika-25 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon A

## PAMBANSANG ARAW NG MGA MANDARAGAT


### NAKAPAGTATAKANG KAGANDAHANG-LOOB NG DIYOS

**A**lam nating dakila ang kagandahang-loob ng Diyos, ngunit kung minsa'y ipinagtataka natin ito gayong alam nating ibang-iba ang Kanyang mga pinahahalagahan. Ganito ang babala sa atin ng Unang Pagbasa at Ebanghelyo para ngayon.

Tunay ngang ang Diyos ay may sariling paraan ng pagkilatis sa atin at sa paggagantimpala. Kung sakali mang kung minsa'y parang may pagtatangi Siya sa “huli't hinahamak,” di natin dapat ipagtaka ang gayon. Sa halip, dapat tayong matuto sa Kanya kung paanong magpakita ng pagtatangi sa mahihina, mga talunan, at mga pangit. Dapat nating maging inspirasyon, sa halip na maging sanhi ng ating pagkainggit, ang pagkabukas-palad ng Diyos sa kanila.

Pasiglahin nawa tayo ng Eukaristiyang ito para bilangin ang ating mga biyaya. Huwag nawa tayong magselos sa mga biyayang kaloob sa iba. Ang buting tinatanggap natin sa Diyos ay tuwinang higit sa nararapat sa atin.

Sa paggunita natin ngayon sa PAMBANSANG ARAW NG MGA MANDARAGAT, alalahanin natin nang buong pagmamahal at malasakit ang 300 libong Pilipinong naglilingkod sa industriyang pangmandaragat sa ating bayan at sa iba pang panig ng daigdig. Nagtrabaho silang malayo sa kani-kanilang tahanan alang-alang sa ikagiginhawa ng kanilang mga pamilya. Ang mga panalangin natin para sa ating mga mandaragat nawa'y maging magandang tanda ng ating pakikiisa sa kanila.



#### PASIMULA



##### Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Sabi ng Poong Maykapal, ako ang s'yang kaligtasan ng hirang kong sambayanang tinutugon ko sa dasal na sagipin sa kaaway.**

##### Pagbati

**P**–Lahat ng pagpupugay sa Banal na Santatlong tumawag sa ating maglingkod sa ubasan ng Kaharian. Ang Kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyo!

**B**– At sumaiyo rin!

##### Pagsisisi

**P**–Sa pagsisimula nating ipag-

diwang ang Eukaristiya, saglit tayong manahimik upang magsuri ng konsiyensiya at unawain kung gaano ang ating pangangailangan sa pagpapatawad at lakas ng Diyos. (Manahimik saglit.)

**P**–Para sa pagpayag nating malason ang ating mga puso't isipan ng inggit sa kapalaran ng iba. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**–Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**–Para sa pagpayag nating dungisan ng selos ang karangalan ng mga taong higit na mapalad kaysa sa atin. Kristo, kaawaan mo kami!

**B**–Kristo, kaawaan mo kami!

**P**–Para sa mga pagpapatang namin na ikaw ay may itinatangi at di makatarungan.

Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**–Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B**– Amen!

##### Papuri

**B**–Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasasalamatang ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalanging Pambungad

**P**– Ama naming makapangyarihan, itinakda mong ang lahat ng mga utos mo ay mauwi sa pag-ibig sa iyo at sa kapwa tao. Ipagkaloob mong sa pagtalima namin sa mga ito kami’y pagindapatin mong sumapit sa buhay na walang katapusan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.  
**B** – Amen!

### PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



**Unang Pagbasa** Isa 55:6-9  
*Mga tao’y malimit na maglarawan sa Diyos na waring Siya’y katulad nila. Pinaaalalahanan tayo ngayong ang Diyos ay ibang-iba sa atin at ang dapat nating gawin ay magsikap para sa Kanyang awa sa ating mga pagkukulang.*

**L** – Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Hanapin ang Panginoon samantalang siya’y iyong makikita, siya ang tawagin habang malapit pa. Ang mga gawain ng taong masama’y dapat nang talikdan, at ang mga liko’y dapat magbago na ng maling isipan; sila’y manunumbalik, lumapit sa Panginoon upang kahabagan, at mula sa Diyos, matatamo nila ang kapatawaran.


Ang wika ng Panginoon: “Ang aking isipa’y di ninyo isipan, at magkaiba ang ating daan. Kung paanong ang langit higit na mataas, mataas sa lupa, ang daa’t isip ko’y hindi maaabot ng inyong akala.”

Ang Salita ng Diyos!  
**B** – Salamat sa Diyos!

### Salmong Tugunan Awit 144

**B** – Ang D’yos ay tapat at totoo sa dumadalangng tao!

R. M. Velez



\* Aking pupurihi’t pasasalamatang ang D’yos araw-araw, di ako titigil ng pasasalamat magpakailanman. Dakila ang Poon, at karapat-dapat na siya’y purihin; ang kadakilaan niya ay mahirap nating unawain. **B.**

\* Ang Panginoong Diyos ay puspos ng pag-ibig at lipos ng habag. Banayad magalit, ang pag-ibig niya’y hindi kumukupas. Siya ay mabuti at kahit kanino’y hindi nagtatangi; sa kanyang nilikha, ang pagtingin niya’y mamamalagi. **B.**

\* Matuwid ang Diyos sa lahat ng bagay niyang ginagawa; kahit anong gawin ay kalakip doon ang habag at awa. Siya’y nakikinig at handang tumulong sa lahat ng tao. Sa sinumang taong pagtawag sa kanya’y tapat at totoo. **B.**

### Ikalawang Pagbasa Fil 1:20-24,27

*Sa harap ng kanyang malamang na parusang kamatayan, sinasabi ni Pablong ang mahalaga ay hindi kung ano ang ibig niya kundi ang ibig ni Kristo para sa kapakanang panlahat ng Simbahan.*

**L** – Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos

Mga kapatid: Ang aking pinakanais ay, sa mabuhay o sa mamatay, mabigyan ko ng karangalan si Kristo. Sapagkat para sa akin si Kristo ang buhay at dahil dito’y pakinabang ang kamatayan. Ngunit kung sa pananatili kong buhay ay makagagawa ako ng mabubuting bagay, hindi ko malaman ngayong kung alin ang aking pipiliin sa dalawang hangarin. Ang ibig ko’y pumanaw na sa buhay na ito upang makapiling ni Kristo, yamang ito ang lalong mabuti para sa akin. Sa kabilang dako, kung mananatili akong buhay ay makabubuti naman sa inyo.

Kaya nga, mga kapatid, pag-sikapin ninyong mamuhay ayon sa

### Mabuting Balita tungkol kay Kristo.

Ang Salita ng Diyos!  
**B** – Salamat sa Diyos!

### Aleluya Gw 16:14

**B** – Aleluya! Aleluya!  
Kami’y iyong pangaralan upang aming matutuhan ang Salitang bumubuhay.  
Aleluya! Aleluya!

### Mabuting Balita Mt 20:1-16

*Ang parabula ngayon ay hindi para sa pagpapasiya sa marapat na pasahod sa mga nagsisikap sa Kaharian ng Diyos. Bagkus, ipinaaalaala nitong ang Kaharian ay bukas sa lahat, at di mahalaga kung una o huling pumasok, kundi ang pagtupad natin sa ating tungkulin nang buong katapatan.*

**P** – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo  
**B** – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad ang talinghagang ito: “Ang paghahari ng Diyos ay katulad nito: lumabas nang umagang-umaga ang may-ari ng ubasan upang humanap ng mga manggagawa. Nang magkasundo na sila sa upa na isang denaryo maghapon, sila’y pinapunta niya sa kanyang ubasan. Lumabas siyang muli nang mag-iikasyam ng umaga at nakakita siya ng iba pang tatayutayo lamang sa liwasang-bayan. Sinabi niya sa kanila, ‘Pumaroon din kayo at magtrabaho sa aking ubasan, at bibigyan ko kayo ng karampatang upa.’ At pumaroon nga sila. Lumabas na naman siya nang mag-iikalabindalawa ng tanghali at nang mag-iikatlo ng hapon, at gayon din ang ginawa niya. Nang mag-iikalima ng hapon, siya’y lumabas uli at nakakita pa ng mga ibang wala ring ginagawa. Sinabi niya sa kanila, ‘Bakit kayo tatayutayo lang dito sa buong maghapon?’ ‘Wala pong magbigay sa amin ng trabaho, e!’ sagot nila. At sinabi niya, ‘Kung gayon, pumaroon kayo at gumawa sa aking ubasan.’

Pagtatakip-silim, sinabi ng may-ari ng ubasan sa kanyang katiwala, ‘Tawagin mo na ang mga manggagawa at sila’y upahan, magmula sa huli hanggang sa unang nagtrabaho.’ Ang mga nagsimula nang mag-iikalima ng hapon ay tumanggap ng tig-iisang denaryo.

At nang lumapit ang mga nauna,

inakala nilang tatanggap sila nang higit doon; ngunit ang bawat isa'y tumanggap din ng isang denaryo. Pagkatanggap nito, nagreklamo sila sa may-ari ng ubasan. Sabi nila, 'Isang oras lang pong gumawa ang mga huling dumating, samantalang maghapon kaming nagpagal at nagtiis ng nakapapasong init ng araw. Bakit naman po ninyo pinagpare-pareho ang upa sa amin?' At sinabi niya sa isa sa kanila, 'Kaibigan, hindi kita dinadaya. Hindi ba't nagkasundo tayo sa isang denaryo? Kunin mo ang ganang iyo, at umalis ka na. Maano kung ibig kong upahan ang nahuli nang tulad ng upa ko sa iyo? Wala ba akong karapatang gawin ang aking maibigan sa ari-arian ko? O naiinggit ka lang sa aking kabutihang-loob?' Kaya't ang nahuhuli ay mauuna, at ang nauuna ay mahuhuli."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

#### Sumasampalataya

**B—**Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

#### Panalangin ng Bayan

**P—**Ngayo'y ginaganyak tayo ng Ebanghelyong matuto sa Diyos na maging bukas-palad sa lahat.

Pagmalasakitan natin ang mga pangangailangan ng sangkatauhan at idulog natin ito sa Panginoon habang nananalangin tayong:

**B—Panginoon, dinggin Mo kami!**

\* Nawa lahat ng Kristiyano'y bukas-palad na magsikap sa ubasan ng Kaharian nang walang inaasahang gantimpalang materyal, at walang inggit sa mga tumanggap nang higit. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa ang lahat ng pinunong panrelihiyon ay manawagan at makinabang sa masiglang pakikipagtulungan ng lahat ng Katoliko sa mga apostolikong pagsikap ng Simbahan. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa isapuso ng ating mga pinunong pambayan ang kapakanan ng lahat ng mamamayan, lalo na ng mga dukha, walang tirahan o trabaho, at mga maysakit. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa alagaang mabuti ng lahat ng guro at katekista ang mga batang inihabilin sa kanila, at magiliw nilang alalayan ang mga may kapansanan at mahihina. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa ang lahat ng mga mandaragat na nagsasakripisyo para sa kapakanan ng kanilang mga pamilya ay maging karapat-dapat na mga kinatawan ng ating bayan at ng ating pananampalatayang Kristiyano saanman sila naroroon. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa lahat ng mga tumutulong sa mga mandaragat sa buong mundo ay maging laging handang maglingkod para sa ikabubuti nila. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa itaguyod ng lahat ng miyembro ng ating pamayanan ang pagpapalaganap ng Kaharian ng Diyos sa ating kapaligiran nang walang selusan o inggitan. Manalangin tayo! **B.**

\* Tahimik nating idulog ang ating mga sariling kahilingan. *(Tumigil saglit.)*

Manalangin tayo! **B.**

**P—**Panginoong Diyos, salamat po sa pribilehiyong kami'y papagtrabuhin Mo sa Iyong ubasan. Tulutan Mong kami'y maging bukas-palad sa aming kasamahan

nang kami'y makigalak sa kanila sa pagtanggap naming lahat ng aming pangwakas na gantimpala sa Kaharian ng langit kung saan Ka nabubuhay at naghahari magpakailanman.

**B—Amen!**



**P—**Manalangin kayo . . .

**B—**Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

#### Panalangin ukol sa mga Alay

**P—**Ama naming Lumikha, maawain mong kalugdan ang mga alay ng iyong sambayanan upang ang ipinahahayag namin nang may pananampalatayang matibay ay aming tanggapin sa banal na pakikinabang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B—Amen!**

#### Prepasyo III

**P—**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Sa iyong kagandahang-loob kami'y iyong ibinukod upang iyong maitampok sa kadakilaan mong lubos. Kahit na ikaw ay aming tinalikdan dahil sa aming pagkasalawahan, gumawa ka pa rin ng magandang paraang may manguna sa amin para ikaw ay balikan. Kaya't ang iyong minamahal na Anak ay naging isa sa mga taong hamak upang may kapwa kaming makapagligtas sa aming pagkapahamak at pagkaligaw ng landas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B—Santo, santo, santo . . .**

#### Pagbubunyi

**B—**Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



## PAKIKINABANG



**B**– Ama namin . . .

**P**– Hinihiling namin . . .

**B**– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

### Paanyaya sa Kapayapaan

#### Paghahati-hati sa Tinapay

**B**– Kordero ng Diyos . . .

#### Paanyaya sa Pakikinabang

**P**– Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B**– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

#### Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Binigay mong mga utos para sundin nang malugod, kaya't iyong itaguyod landas ng puso ko't loob nang utos mo ay masunod.

#### Panalangin Pagkapakinabang

**P**– Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa banal na pakikinabang ay patuloy mong kaawaan at tulungan upang aming tinanggap ay siya nawang umiral sa pamumuhay namin sa araw-araw bunga ng iyong pagtubos na aming ipinagdiriwang sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**– Amen!

## PAGWAWAKAS



**P**– Sumainyo ang Panginoon.

**B**– At sumaiyo rin!

**P**– Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik saglit.)

Pagkalooban nawa kayo ng Diyos ng higit na pagpapahalaga

sa inyong dapat gampanan sa Simbahan at ng biyayang makatugon nang tapat sa inyong pananagutan.

**B**– Amen!

**P**– Patnubayan Niya nawa kayo sa paghahasik ng mga binhi ng Kaharian sa ating lipunan at pamungahin nawa ito ng katarungan, kapayapaan, at pagkakaisa.

**B**– Amen!

**P**– Iligtas Niya nawa kayo sa lahat ng panganib at gabayan kayo sa landas ng kapayapaan at kasaganaan.

**B**– Amen!

**P**– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B**– Amen!

**P**– Humayo kayo sa kapayapaan upang bukas-palad na magsikap sa ubasan ng Panginoon.

**B**– Salamat sa Diyos!

## PAGTULAD SA KAGANDAHANG-LOOB NG DIYOS

Ang “*mga manggagawa sa unang Aoras*” ay kapuri-puri, maaasahan, masipag na nagtrabaho sa matinding init. Tunay naman silang nahirap para sa kanilang suweldo. Ngunit ang pagreklamo nila sa oras ng suweldo ay nakapagpapangit sa kanila, pagkat inilitaw nito ang kanilang kahinaan: **mainggitin**. Bagamat maaari nating maunawaan ang kanilang hiling sa marapat na pagpapasuweldo, ang totooy **di sila marunong magpapahalaga sa kagandahang-loob ng kanilang Panginoon**. Naiinggit sila sa nakita nilang higit na malaking naging sahod ng iba. **Pinanlabo ng kanilang inggit ang kanilang tanawin**.

Maaari silang tama kung lahat sa buhay ay isusunod sa kasukat na pagganti ng utang na loob – gayong kaukol na sahod para sa gayong nagawa. Ngunit kung ito naman lamang ang magiging tuntunin sa buhay, wala nang sinumang magkakapanahon at pansin (at suweldo!) para sa mahihina, may-sakit, may kapansanan, mga sanggol, matatanda.

**Maging ang pinakamalakas sa atin ay maaaring magkaroon ng maikling buhay lamang**. Para sa ating lahat, sa katunayan, ay nagdaan na rin ang panahong tayo’y mahina, wala tayong anumang nagawa, at lubos na umasa

Para sa malalaking  
diskuwento sa libro,  
magasin,  
kalendaryo, at iba pa . . .

Magsadya sa

Word & Life Publications

Booth # 221 sa



## The 38th Manila International Book Fair

Setyembre 13-17, 2017  
(10:00 n.u. – 8:00 n.g.)  
SMX Convention Center  
SM Mall of Asia  
Complex, Pasay City

This serves as your  
Entry pass.

FREE ENTRANCE FOR 1

lamang sa bukas-palad na pagmamahal ng ating mga magulang at ibang tao.

**Nabubuhay tayo sa hiram na panahon! Lahat tayo’y bunga ng kagandahang-loob ng Diyos, hindi ng Kanyang pagganti**. Patuloy Siyang mapagbigay sa atin, kahit na marapat lamang ang Kanyang pagpaparusa.

Bakit negatibo ang ating reaksiyon sa Kanyang “pambihirang pagkabukas-palad” sa ilan sa ating mga kapatid gayong alam nating bawat isa’y mananagot alinsunod sa kanyang tinanggap? Bakit ikalulungkot ang pagbibigay ng Diyos sa iba, at makalilimot na minsang tayo man ay pinalasap din ng Kanyang kagandahang-loob?

**Ang inggit ay napakasamang anay. Umaatake ito buhat sa loob**. Kapag di ito naagapan, **kaya nitong sirain ang kabutihang nasa atin at sa ating paligid**. Ang inggit sa magandang kapalaran o tagumpay ng ating kapwa ay parang pesteng nagpapahirap sa ating buhay. Sa halip, **dapat tayong matuto sa Diyos, na ubod ng bait at lubos na mapagbigay**. Matuto tayong magalak sa Kanyang pagkabukas-palad sa lahat ng Kanyang nilikha. Dapat natin Siyang tularan sa ating munting paraan sa pamamagitan ng paggamit ng Kanyang mga kaloob para sa kabutihan ng iba.



WORD & LIFE  
PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Dy, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua